

## Paano Isinasagawa Ang Walang Hanggang Pakay ng Dios?

---

### Introduction:

1. Ang 3 Persona sa uring Dios ay nagkakaisa sa kanilang walang hanggang pakay;
2. Si Jesucristo na Siyang Makapangyarihan sa Lahat na Panginoong Dios Anak ang Siyang nagpapanimula at nagsasagawa at kaganapan ng lahat ng pakay ng uring Dios;
3. Ang Dios Espirito Santo ang nagpapatunay sa gawain ng Dios Anak na si Jesucristo.

#### A. Sila ay nagkakaisa sa kanilang walang hanggang pakay.

1. Eph. 3:11 - The eternal purpose of God is realized in Christ Jesus. The preposition “in” is used in both locative and instrumental sense. Nangangahulugan na mayroon lamang kaganapan ang walang hanggan na pakay na nasa Panginoong Jesucristo at sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo. Sa Jn. 5:19, lahat ng ginagawa ng Ama ay siya ring ginagawa ng Anak. Kung ano ang pinapakay ng Ama ay siya ring pinapakay ng Anak.
2. Ano ang kaugnayan diyan ng Espirito Santo? Sa 1 Cor. 2:11, ang mga malalalim na bagay ng Dios, the deep things of God are known by the Spirit. Diyan, ang salitang “known” ay hindi gnosis (Gr, to have the information about something) kundi oida (Gr, to be in charge of). Kaya iyong malalalim na bagay ng Dios ay sinasaliksik, inaalam ng Espirito Santo. Doon sa pagpakay ng Ama at ng Anak ay hindi lamang may alam ang Espirito Santo kundi kasama Siya o kaisa Siya doon sa pagpakay. Sa 2 Cor. 13:14 (The grace of the Lord Jesus Christ, and the love of God, and the communion of the Holy Ghost, be with you all. Amen.), ang Espirito Santo ang pakikiisa. Ang ibig sabihin ay umiiral ang biyaya ng Panginoong Jesucristo at ang pagibig ng Dios Ama sa pakikipagkaisa ng Espirito Santo. Samakatuwid, ang Dios Espirito Santo nakikipagkaisa sa Ama at sa Anak kahit sa larangang walang hanggan.
3. Iyong Dios Ama naman ay hindi magiiba at walang anomang kapasiyahan ng pagbaling o pagiiba ng gawi (Jas. 1:17). Kung ano ang Kaniyang kapasiyahan ay iyan ang Kaniyang kapasiyahan magpakailanman. Ang pakay ng Dios Anak ay nakikipagkaisa Siya sa Dios Ama (Jn. 17:11, 22). Iyong Dios Espirito Santo ay ibinigay ng lubos ang Kaniyang sarili sa Dios Anak (Jn. 3:34). Kaya hindi nagkokontra ang Dios Ama at Dios Anak at Dios Espirito Santo. Kaya sila ay nasa walang hanggang pagkakasundo na nagkakaisa Sila sa Kanilang walang hanggang pakay.

B. Ang Panginoong Jesucristo, ang Panginoong Dios Anak na Makapangyarihan sa lahat ang Siyang nagpapasimula (initiator) at Siya ring nagsasagawa (doer) at Siya pa rin kaganapan (fulfilment) ng lahat ng pakay ng uring Dios.

1. Ang Panginoong Jesucristo ang nagpapanimula. Sa Rev. 1:8, ang Panginoong Jesucristo ang Alpha at Omega, ang pasimula at ang wakas, ang pagkakapangyari, ang nakapangyari at Siya na darating, ang Panginoon na Makapangyarihan sa lahat. Sa Rev. 22:12-13, ang paririto muli (Behold, I come quickly.) ay hindi ang Dios Ama kundi ang Panginoong Jesucristo at ipinapakilala na Siya ang nagpasimula, the beginning.

2. Ang Panginoong Jesucristo ang nagsasagawa. 1 Cor. 8:6, “there is one God the Father, from (Gr, es, nagbunsod) whom are all things...” Iyong Ama ang naglunsad ng lahat ng mga bagay ngunit ang nagpanimula ng lahat na inilunsad ng Dios Ama ay ang Kaniyang kapakay na Dios Anak, ang Panginoong Jesucristo. Dahil sa sumunod na saklong sa 1 Cor. 8:6 ay sinasabi, “and one Lord Jesus Christ through whom are all things”. Kaya may isang Diyos Ama na lahat ng "layunin o pakay" na mula sa Kanya, ay ibinigay na lahat sa Panginoong Hesus na Siyang tanging nagsakatuparan ng kaganapan ng lahat ng "pakay, o layunin" (Eternal Purpose) ng Diyos Ama. Halimbawa: Iyong paglalang ay bahagi ng walang hanggang pakay ng Dios Ama na ibinigay sa Anak upang magkaroon ng katuparan at kaganapan. Samakatuwid, ang paglalang ay nagkaroon ng kaganapan sa pamamagitan o sa kaparaanan ng Panginoong Jesucristo sapagkat ipinakilala Niya ang Kaniyang sarili na Siya ang “the way”, ang tangi at laging daan (Jn. 14:6). Ito ay pinapatunayan sa Jn. 1:1-3 na lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala Siya.

3. Lahat ng kagustuhan ng uring Dios sa kanilang walang hanggang pakay, ang nagpapanimula (initiator), ang nagsasagawa (doer) at kaganapan (fulfilment) ng lahat ng bagay ay ang Dios Anak, ang Panginoong Jesucristo. Sa 2 Cor. 1:20 (For all the promises of God in him are yea, and in him Amen, unto the glory of God by us.), ang nagsasagawa at nagbibigay kaganapan ng lahat ng pinapakay at ipinapangako ng Dios ay walang iba kundi ang Panginoong Jesucristo mismo. The Lord Jesus Christ is the initiator, doer and fulfiller of the purpose of the Godkind. Sa 1 Cor. 1:24, si Cristo ang kapangyarihan at karunungan ng Dios. Iyong salitang “kapangyarihan” doon ay hindi kratos (Gr., power to create from nothing, Rev. 1:8) kundi dunamis (Gr., ability, kakayahan). Samakatuwid, ang pagiral ng pagka-Dios ng Dios ay may kaganapan sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo.

4. Ang Panginoong Jesucristo naman, lahat ng Kaniyang ginagawa ay iyon lamang nakapagbibigay kaluguran sa Dios Ama. Sa Jn. 8:29, walang ginagawa ng Panginoong Jesucristo kundi ang kasiyasiya sa Ama, hindi ang Ama ang nagsasagawa kundi ang Panginoong Jesucristo. Halimbawa: Sa Isaiah chapters 40-48, iyong Makapangyarihan na Panginoong Dios doon na Siyang lumalang at gumawa ng buong sanlibutan na Siya ring

nagtatag ng bansang Israel, na Siya ring haring banal ng Israel, na Siyang Panginoon ng mga hukbo, na Siya ring pasimula at kaunaunahan at kahulihulihan, na Siya ring Tagapamagitan at Manunubos ng Israel at ng sangkatauhan ay walang iba kundi ang Panginoong Jesucristo.

C. At itong ganitong kaayusan ay pinapatunayan ng Dios Espirito Santo sapagkat ang trabaho ng Dios Espirito Santo ay pairalin ang fellowship or participation or having something in common (pakipagkaisa) among the 3 Members of the Trinity. Sa 2 Cor. 13:14, sa Hebrews chapters 2, 3, 4 at sa Jn. 16:7-15, lalo na sa vv. 13-15, na ang gawain ng Dios Espirito Santo ay pagpapatunay at pagbibigay liwanag sa lahat ng gawain ng Dios Anak na si Jesucristo, sapagkat:

1. Una, (“Howbeit when he, the Spirit of truth, is come, he will guide you into all truth.” v.13) ang Espirito Santo ay aakayin tayo sa katotohanan at ang katotohanan na iyan ay walang iba kundi ang Panginoong Jesucristo (Jn. 14:6) upang lalo pa nating maunawaan ang gawain ng Dios Anak bilang nagpapanimula, nagsasagawa at nagbibigay kaganapan sa walang hanggang pakay ng Dios;

2. Pangalawa, (“He shall not speak of himself; but whatsoever he shall hear, that shall he speak: and he will shew you things to come.” v. 13) sa Kaniyang pagpapatutuo, ang Dios Espirito Santo ay hindi nangungusap patungkol sa Kaniyang sarili kundi patungkol lamang sa Panginoong Jesucristo at sa kapahayagan ng Panginoong Jesucristo patungkol sa “things that must shortly come to pass, “The Revelation of Jesus Christ, which God gave unto him, to shew unto his servants things which must shortly come to pass; and he sent and signified it by his angel unto his servant John.” (Rev. 1:1) At sa pagkasi ng Banal na Espirito kay Apostol Juan (Rev 1:10 I was in the Spirit on the Lord's day), pinasulat ang Aklat ng Pahayag kay Juan ang mga salita ng Panginoong Jesucristo (Rev 1:19 Write the things which thou hast seen, and the things which are, and the things which shall be hereafter.). Kaya ang bawat sulat ng Panginoong Jesucristo sa 7 churches ay pinagtatapos ng ganitong pangungusap, “He that hath an ear, let him hear what the Spirit saith unto the churches.”

3. Pangatlo, (“He shall glorify me: for he shall receive of mine, and shall shew it unto you. All things that the Father hath are mine: therefore said I, that he shall take of mine, and shall shew it unto you.” vv. 14-15) At hindi luluwalhatiin ng Dios Espirito Santo ang Kaniyang sarili kundi ibibigay Niya ang lahat ng kaluwalhatian sa Anak. Kaya ang pagpapatunay ng Banal na Espirito sa gawain ng Dios Anak, ang Panginoong Jesucristo, ay pakikipagkaisa ng Banal na Espirito sa walang hanggang pakay ng uring Dios, sa Kaniyang pagpapatutuo that the initiator, the doer and the fulfiller of the eternal purpose of God was purposed in Christ Jesus (Eph. 3:11).

D. Kaya itong paggawa ng 3 Persona, ang sukduhan nito ay ang lahat ay maitalaga sa Panginoong Jesucristo dahil ang Panginoong Jesucristo ang nagpapanimula, nagsasagawa at kaganapan ng lahat pakay at kagustuhan ng Dios. at iyan ay dapat umiral sa nilalang. Dito ay matutuon, mauukol ang

lahat sa Panginoong Jesucristo. Hindi ma-defocus, hindi ma-derail, hindi ma-deflect ang tunguhin ng gawi ng God's will and purpose sapagkat mga ito ay pawang they are all focused and directed towards the Lord Jesus Christ. Bakit ang kahihinatnan at sukduhan ng gawain ng Dios ay pawang pagtatalaga ng lahat sa Panginoong Jesucristo?

1. Ang Panginoong Jesucristo ay gumagawasa ikabubuti ng lahat;
2. Sa paguukol ng lahat ng nilalang sa Panginoong Jesucristo, ang Panginoong Jesucristo ang kanilang nagiging kaligtasan, buhay na walang hanggan at kaluwalhatian magpakailanman.

Kaya sa paggawa ng Trinity ay magiging "all for Jesus" ang lahat. Hanggang sa Book of Revelation, ang attention, devotion ng lahat, mula sa dating langit at dating lupa hanggang sa bagong langit at bagong lupa ay nakafocus sa Kordero na nakaluklok sa gitna ng trono, iyong sinasabi na "the Lamb which is in the midst of the throne as it had been slain" (Rev. 5:6; 7:17). Iyong Kordero, samakatuwid, God the Son Incarnate, ang Panginoong Jesucristo, bagamat katabi Niya ang Dios Ama (Mk. 16:19; Col. 3:1; Heb. 1:3; 10:12; 12:2) na di-nakikita kailanman (Col. 1:15; Jn. 1:18) at naroon ang Dios Espirito Santo bilang liwanag na nagbibigay kaluwalhatian sa Panginoong Jesucristo (Jn. 16:13-15), ang Kordero ang Siyang directa at personal na nakikita at pinagtutuonan ng paningin at devotion ng mga nilalang. Pagdating naman sa new heavens and new earth (Rev. 22:1-4), naroroon sa throne ang God the Father at God the Son and God the Holy Spirit ngunit ang focus ng devotion, attention and service ng lahat ng nakapasok sa new heavens and new earth ay ang Kordero na sinasabi doon na "and His (singular possessive pronoun) servants shall serve Him (singular personal pronoun) and they shall see His face and His name shall be in their foreheads." Ang Panginoong Jesucristo ang Siyang focal point and the turning point of everything in reality, whether on earth or in heaven or in the new heavens and new earth unto eternity, everything must be devoted to the Lord Jesus Christ who alone is our salvation, eternal life and everlasting glory.